

## OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 31, 2021

Kontak: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyon sa Pamayanan, Department of Parks, Recreation and Marine, 562.570.3233, [Jane.Grobaty@longbeach.gov](mailto:Jane.Grobaty@longbeach.gov).

Para sa Agarang Pahayag

## **Ang Parks, Recreation, and Marine ay Nag-aalok ng mga Tip sa Kaligtasan Para sa mga Bisita sa Parke at Aplaya sa Pasko ng Pagkabuhay**

### ***Nag-aalok din ng Impormasyon sa mga Bisita Para sa East El Dorado Regional Park***

Sa Linggo ng Abril 4 ay Pasko ng Pagkabuhay at isang abalang araw para sa isang kasiya-siya at ligtas na pagbisita at pinayuhang Kagawaran ng Park, Recreation, at Marine ang mga bisita sa mga sumusunod na tip sa kaligtasan ng publiko at mga patakaran sa parke.

Ang lahat ng mga bisita sa mga parke at aplaya ay dapat sumunod sa protokol para sa kaligtasan at kalusugan na alinsunod sa [City's Health Order](#), upang limitahan ang pagkalat ng Covid-19 at panatilihing ligtas ang lahat:

- Ang mga aktibong paglilibang at mga aktibidad na hindi nakatigil tulad ng pag-upo at pag pipiknik sa mga parke at aplaya ay pinahihintulutan ngunit limitado ang dami ng grupo na hindi hihigit sa tatlong sambahayan at hindi hihigit sa 15 katao ang kabuuan.
- Isang minimum na anim na talampakan ng pisikal na distansiya sa pagitan ng mga grupo ay dapat manatili
- Kinakailangan ang mga maske kapag nasa mga pampublikong lugar, kabilang ang mga parke at aplaya at maliban nalang kung kumakain at/o umiinom kahit na ang mga tao ay kumpleto na ang bakuna.

Ang pasko ng Pagkabuhay ay ang pinaka-abalang araw ng taon sa El Dorado East Regional Park na mayroong mga sumusunod na karagdagang patakaran sa parke para sa araw na ito. Ang mga oras ng operasyon ng mga Parke ay mula alas 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng gabi. Ang lahat ng mga parokyano ay dapat na makaalis na sa Parke bago pa ang oras ng pagsasara:

- Ang bayad para sa paradahan sa araw ng Pasko ng Pagkabuhay ay \$9 na dolyar at ito ay sa paraang walang kontak gamit ang kredit kard o ATM kard. Pinapayagan lamang ang paradahan sa damuhan sa mga itinalagang lugar lamang. Ang mga sasakyan na hindi pinahihintulutan sa lugar ay hihilahin.
- Ang mga lugar para sa mga pagdiskarga ay magagamit sa mga panloob na kalsada. Mangyaring huwag hadlangan ang daloy ng trapiko. Hindi pinapayagan ang mga drop off at pagdiskarga sa Spring Street o Wardlow Road. Ang mga sasakyan ay maaring mahila.
- Ang labis na paradahan at mga lugar ng pagpiknik ay matatagpuan sa Area 3 sa hilaga ng kalsada ng Wardlow. Mangyaring sundin ang mga palatandaan sa overflow lot. Ang paradahan ay maaaring hindi malapit sa lokasyon ng iyong piknik.
- Manyaring dumating ng maaga. Kung umabot sa kapasidad ang mga parke ay isasara ng mga opisyal ng parke ang mga gate sa mga karagdagang mga sasakyang papasok.
- Ang mga sasakyang lalabas sa parke ay maaaring hindi na muling makapasok kung magsara na ang parke kung maabot na ang kapasidad.

Ang El Dorado Nature Center ay sarado sa Linggo, Abril 4. Ang Long Beach Animal Care Services ay muling magbubukas para sa apoyntment sa mga oras ng alas 10 ng umaga at alas 3:30 ng hapon. Maaaring mag-email sa [PetAdopt@longbeach.gov](mailto:PetAdopt@longbeach.gov) o tumawag 562.570.4925 upang makipag apoyntment..

Bilang karagdagan sa mga Pag pipiknik at mga tirahan ang 388 daang ektarya ay puno ng mga amenidad kabilang ang mga daanan ng bisikleta at palaruan. Matatagpuan ang El Dorado East Regional Park sa 7550 E. Spring Street.

Para sa mga katanungan sa midia, maaring dumirekta kay Jane Grobaty, Community Information Officer, Department of Parks, Recreation and Marine, 562.570.3233, [Jane.Grobaty@longbeach.gov](mailto:Jane.Grobaty@longbeach.gov).

###